**Paano Tatalakayin ang Laudato Si sa mga Kapitbahay at mga kasamahan**

Ang pagsasalita tungkol sa Laudato Si sa mga miyembro ng komunidad ay mahalaga sa pagpapatibay ng mga pakikipag-ugnayan . Ang pagbabahagi ng inyong mga pananaw sa isyung ito ay maaaring napakahalaga sa inyo , na makatutulong sa paghahabi ng ng bigkis ng pagsasamahan . Ang maikling gabay na ito ay nagbibigay ng mga mungkahing makatutulong sa inyo.

*Tukuyin kung sino ang nais ninyong kausapin at maghanap ng oras upang makipag-usap*

Ang pagsasalita tungkol sa mga pagpapahalaga na mahalaga sa atin ay isang oportunidad upang makabuo ng mas matibay at tunay na pakikipag-ugnayan . Habang isinasaalang -alang ninyo ang mga tao na nais ninyong makausap , maaari ninyong isipin ang mga tao na mayroon na kayong matibay na pakikipag-ugnayan at ang mga taong nagsisimula pa lang kayong makipag-ugnayan .

Isalang -alang ang panahon o oras na angkop para sa pakikipag-usap sa mga taong ito. Sa ibang pagkakataon , tulad ng mga kasamahan , na maaaring nais na magtakda ng pormal na panahon upang talakayin ang isyung ito.Sa iba naman , tulad ng inyong mga kapitbahay o malapit na mga kaibigan , maaring maging kaswala ng pag-uusap habang tinatalakay ninyo ang mga nangyayaring kaganapan at mga prayoridad ng inyong mga buhay.

*Ibahagi kung bakit mahalaga ang isyu sa inyo*

Ang iyong interés sa integral na ekolohiya ay naiuugnay sa iyong mga malalim na pinahahalagahang pagpapahalaga . Maging bukas sa pagbabahagi ng mga pagpapahalaga sa mga kapitbahay at mga kasamahan.

Maaaring mayroong mga konkreto at praktikal na mga kadahilanan kung bakit mahalaga ang integral na ekolohiya . Marahil , mayroon kayong malasakit sa kapakanan ng mga kabataan , tulad ng inyong mga mag-aaral , inyong mga anak o apo . Marahil ay nakita na ninyo ang lubhang pagbabago ng ecosystem . Marahil ay alam ninyo kung sa paanong ang mga paraan nakaaapekto ang krisis na pang-ekolohiya sa mga maliliit na magsasaka .Ibahagi ang mga konkretong halimbawa na ito sa pakikipag-usap , na nagpapaliwanag na ang isyung ito ay hindi lamang basal o abstrak na kaisipan.

Sa huli , maaaring mayroon nang mga halimbawa kung paanong niyayakap ng inyong komunidad ang mga gawain sa integral na ekolohiya , tulad ng mga naidaos na kaganapan , pagbubuo ng mga grupo , pagpapatala sa Plataporma ng Laudato Si Action . Kung ganoon ibahagi ang balita ng mga kasiglahan na ito.

*Magmungkahi ng Magkasamang Gawain*

Kung nararapat maari Kang mag-alok na isagawa nang magkasama ang isang gawain o pagkilos.Halimbawa , maaari kang magmungkahi sa iyong kasamahan na bumuo ng

task forcé sa isyung ito sa organisasyon . Para sa kapitbahay o kaibigan , maaari kang magmungkahi ng magkasamang paglalakad sa mga likas na lugar, pamumulot ng ga basura o anumang katulad nito

*Makinig*

Pakinggan ang pagtugon .

*Manalangin*

Manalangin para sa higit na malalaim na pakikipagkasundo sa Diyos , sa kapwa at sa lahat ng nilikha , maaaring habang may pag-uusap o pagkatapos .